Mensahe Dalawa

## Apat na Napakahalagang Paglalakbay upang Makapasok sa Ministeryo ng Kapanahunan sa pamamagitan ng Mahigpit na Pagsunod sa Tagapaghain ng Kapanahunan taglay ang Pangitain ng Kapanahunan

Babasahin sa Kasulatan: 1 Hari 18:21-40; 19:2-12; 2 Hari 2:1-14

**I. Si Elias ay isang tagapaghain ng kapanahunan na may pangitain para sa kanyang kapanahunan; sa bawat kapanahunan, ang Panginoon ay may mga espesyal ng bagay na ninanais Niyang isakatuparan; Siya ay may Kanyang mga sariling pagbabawi at Kanyang mga sariling gawain na gagawin; ang partikular na pagbabawi at gawain na ginagawa Niya sa isang kapanahunan ay ang ministeryo ng kapanahunang iyon; ang ministeryo ni Elias ay upang siya ay maging isang patotoong laban sa lahat, sinasabihan ang mga anak ni Israel na ang pagsamba sa diyos-diyosan ay isang kasalanan na nakasasakit sa Diyos; nang ang buong Israel ay sumamba sa mga diyos-diyosan, sinabihan sila ni Elias na ang mga diyos-diyosan na kanilang sinasamba ay mga huwad na diyos, at tanging si Jehovah ang tunay na Diyos:**

A. Ang pangalan ni Elias ay nangangahulugang "Ang aking Diyos ay si Jehovah"; ito ay nagsasaad ng kanyang misyon at mensahe; siya ang pinakaprominente at pinakakumakatawan sa mga propeta bago ang pagkabihag, at siya ay isang mandaraig.

B. Sa panahon ni Elias ang buong Israel ay sumasamba kay Baal, at tanging si Elias ang nagsabi na si Jehovah ang Diyos; siya ay isang propetang ibinangon ng Diyos sa isa sa pinakamadilim na oras ng nakalulumbay na kasaysayan ng Israel, nang ang kanilang kapanglawan at kadiliman ay pinakamalala; ang buong kaharian ng Israel ay sumusunod sa isang tularan ng pagsamba sa diyos-diyosan—1 Hari 18:19.

C. Ang kanilang pagsamba kay Baal sa katunayan ay ang kanilang pagsamba kay Satanas; sinasabi ng 2 Hari 1:2 na ang diyos ng mga Ekron ay si Baal-zebub; sa Bagong Tipan ang Beelzebub ay nangangahulugang "ang panginoon ng mga langaw," na tumutukoy kay Satanas bilang pinuno ng mga demonyo; ang pangalang ito ay mapanghamak na pinalitan ng mga Hudyo tungo sa Beelzebul, na nangangahulugang "ang panginoon ng bunton ng dumi"—Mat. 10:25; 12:24, 27; Marc. 3:22; Luc. 11:15:

1. Bilang panginoon ng bunton ng dumi, si Satanas ay dalubhasa sa pangunguna sa mga langaw na kumain ng dumi; yamang siya rin ang panginoon ng mga langaw, lahat ng makasalanan ay gaya ng mga langaw na sumusunod kay Satanas upang "kumain ng dumi"; lahat ng inapo ni Adam ay mga bihag ni Satanas, na pinangungunahan sila upang magkasala at gawin silang "isang alipin ng kasalanan"—Juan 8:34.
2. Kailangan nating sundan ang tularan ni apostol Pablo, na nagsabi na ang lahat ng bagay na minsan ay mga pagtamo sa kanya sa nakaraan, kanyang binilang bilang "sukal" (latak, yagit, karumihan, pagkain ng aso, dumi) upang matamo niya si Kristo—Fil. 3:5-8.

D. Ginalit ni Ahab si Jehovah nang higit sa lahat ng ibang haring nauna sa kanya; dahil dito, ibinangon ng Diyos si Elias upang ideklara na ang mga anak ni Israel ay naligalig dahil sa pagsamba sa diyos-diyosan at yaong tanging si Jehovah ang Diyos—1 Hari 16:33; 18:4, 17-18, 37:

1. Bilang mga Bagong Tipang mananampalataya, kailangan nating makinig sa salita ni apostol Juan—"Mga munting anak, mag-ingat kayo sa mga diyos-diyosan" (1 Juan 5:21); ang mga diyos-diyosan ay tumutukoy sa anumang humahalili o isang panghalili para kay Kristo bilang totoo at tunay na Diyos (Juan 20:28-29); kailangan nating makita na ang taong si Hesus ay ang mismong Diyos (1:1-2; 5:18; 10:33; Roma 9:5; Fil. 2:6; 1 Juan 5:20).
2. Sinabi ni Jehovah kay Ezekiel, "Anak ng tao, inilagay ng mga lalaking ito ang kanilang mga diyos-diyosan sa kanilang mga puso"; ang isang diyos-diyosan sa ating puso ay anumang nasa

loob natin na iniibig natin nang higit kaysa sa Panginoon at humahalili sa Pangioon sa ating buhay—Ezek. 14:3.

3. Sa salitang *antikristo,* ang unlaping Griyego na *anti* ay may dalawang pangunahing kahulugan—una, ito ay nangangahulugang "laban"; ikalawa, ito ay nangangahulugang "pamalit sa," o "sa halip na"; ang maging isang antikristo ay, sa isang panig, ang maging laban kay Kristo, at sa kabilang panig, ito ay ang magkaroon ng isang bagay sa halip ni Kristo, isang bagay na humahalili kay Kristo—1 Juan 2:18-19.
4. Kailangan nating hilingin sa Panginoon na iligtas tayo mula sa pagkakaroon ng isang pamumuhay na nasa prinsipyo ng antikristo, ang prinsipyo ng paghahalili kay Kristo, na siyang kapwa ang pinahirang Isa at ang pagpapahid; ang magkaroon ng isang pamumuhay sa prinsipyo ng antikristo ay ang magkaroon ng pamumuhay sa prinsipyo ng pagiging "laban sa pagpapahid," na maging "laban" sa pagkilos, paggawa, at pagtitigmak ng Tres-unong Diyos sa loob natin—bb. 20, 27.
5. Ang minimithi ni Satanas ay ang makatanggap ng pagsamba mula sa mga tao sa pamamagitan ng pagkubli sa napakaraming diyos-diyosan at mga relihiyon (Mat. 4:8-9); ang mga diyos-diyosan ay nagtataglay ng masasamang espiritu at mga demonyo na nakakubli sa likod ng mga ito sapagkat si Satanas ay nasa likod ng mga ito; kailangan ng Ama na maghanap ng mga mananamba sapagkat tinatangka ni Satanas na nakawan ng pagsamba ang Diyos (Juan 4:23-24; cf. 1 Juan 2:20, 27).

E. Ikinakatawan ni Elias ang prinsipyo ng hindi pagpapahalaga para sa sariling buhay upang mapanatili ang patotoo ng Diyos; siya ay malakas at matapang upang tumayo sa harap ng hari, sa bayan, at sa apat na raan at limampung propeta ni Baal; kapag ang ekklesia ay mapanglaw at ang karamihan sa mga mananampalataya ay malahininga, ang Diyos ay nagbabangon ng mga mandaraig upang maging isang patotoong laban sa lahat, na hindi nagpapahalaga sa kanilang sariling buhay at nagpapahalaga lamang para sa kalooban ng Diyos (gaya ni "Antipas na Aking saksi, na Aking tapat na isa, na pinatay sa gitna ninyo na tinatahanan ni Satanas")—Apoc. 2:13-14; 12:11.

**II. Sinasabi ng Santiago 5:17 at 18, "Si Elias ay isang taong may katulad na damdamin gaya rin natin, at [taimtim siyang] nanalanging huwag umulan; at hindi umulan sa lupa sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. At muli siyang nanalangin, at ang langit ay nagbigay ng ulan, at ang lupa ay namunga ng kanyang bunga":**

A. Para kay Elias na manalangin nang "taimtim" ay literal na nangangahulugang siya ay "nanalangin sa panalangin"; ito ay nagpapahiwatig na ang isang panalangin mula sa Panginoon ay ibinigay kay Elias, kung saan siya nanalangin.

B. Hindi siya nanalangin sa kanyang damdamin, kaisipan, intensiyon, o lagay ng kalooban, o sa anumang uri ng pangganyak, na nagmumula sa mga sirkumstansiya o sitwasyon, upang tuparin ang kanyang sariling layunin; siya ay nanalangin sa panalanging ibinigay sa kanya ng Panginoon para sa pagsagawa ng Kanyang kalooban—cf. Awit 27:4; Juan 15:7.

C. Sa Bundok Carmel ay sinabi ni Elias sa buong bayan ng Israel at sa apat na raan at limampung propeta ni Baal, "Hanggang kailan kayo magpapatalon-talon sa dalawang magkaibang kuro-kuro? Kung [si Jehovah] ay Diyos, sumunod kayo sa Kanya; ngunit kung si Baal, sa kanya kayo sumunod"—1 Hari 18:21:

1. Nanalangin si Elias kay "Jehovah, ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Israel," at "ang apoy [ni Jehovah] ay bumagsak at tinupok ang handog na sinusunog, ang kahoy, mga bato, alabok, at dinilaan ang tubig na nasa hukay"—bb. 36-38.
2. "Nang makita iyon ng buong bayan, sila'y nagpatirapa at kanilang sinabi, [si Jehovah]—ang Siyang Diyos! Si Jehovah—ang Siyang Diyos!"; pagkatapos, lahat ng apat na raan at limampung propeta ni Baal ay pinatay—bb. 39-40.

3. Nang marinig ni Jezebel ang tungkol dito, pinagbantaang niyang patayin si Elias; dahil sa kanyang kahinaan si Elias ay natakot, siya ay tumakas para mabuhay; pumunta siya ng apatnapung araw at apatnapung gabing patungong Horeb, ang bundok ng Diyos, at pumasok siya sa isang yungib at nanatili roon—19:2, 9-10.

D. Habang si Elias ay nasa bundok ng Diyos, biglang dumaan si Jehovah, at Siya ay wala sa hangin, sa lindol, o sa apoy; pagkatapos ng apoy, nagsalita ang Diyos kay Elias sa "isang banayad, munting tinig"; nagpapahiwatig ito na inihahatid ng Diyos si Elias tungo sa Bagong Tipang kapanahunan, kung saan ang Diyos ay nagsasalita sa Kanyang bayan hindi sa pamamagitan ng pagkulog kundi nang banayad at munti—bb. 11-12; Roma 8:6b; 2 Cor. 2:13; 1 Juan 2:27.

E. Pagkatapos ay nagsalita ang Diyos, "[Nag-iwan] Ako ng pitong libo sa Israel, lahat ng tuhod na hindi pa lumuhod kay Baal at bawat bibig na hindi humalik sa kanya" (1 Hari 19:18; Roma 11:2-5); itong mga tapat na mandaraig ay ang Kanyang mga "nakakubli" (Awit 83:3b), at ang ating Diyos ay "[isang] Diyos na nagkukubli [ng Kanyang sarili]" (Isa. 45:15).

**III. Ang pagsunod ni Eliseo kay Elias mula Gilgal hanggang Betel, mula Betel hanggang Jerico, at mula Jerico hanggang sa ilog Jordan ay nagpapakita na upang makapasok sa ministeryo ng Bagong Tipang kapanahunan, dapat tayong intrinsikong sumunod sa tagapaghain ng kapanahunan ayon sa pangitain ng kapanahunan; upang magawa ito dapat tayong sumunod sa Panginoon sa apat na napakahalagang lugar—2 Hari 2:1-14:**

A. Si Elias ay isang sagisag ng Lumang Tipang kapanahunan kasama ang Lumang Tipang ekonomiya, at si Eliseo ay isang sagisag ng Bagong Tipang kapanahunan kasama ang Bagong Tipang ekonomiya.

B. Ang kapanahunan ay nabago sa pagdaan sa Gilgal, ang lugar kung saan ang bayan ng Diyos ay tinuli upang tuusin ang kanilang laman; ito ang lugar kung saan ang laman ay hinatulan at ang lugar kung saan binibigyan tayo ng Diyos ng liwanag upang hatulan ang laman—Jos. 5:2-9; Gal. 5:24; Fil. 3:3-8:

1. Ang laman ay ang lahat ng bagay na ating tinataglay mula sa ating kapanganakan (Juan 3:6); ang laman ay ang sukdulang kahayagan ng natisod na may tatlong bahaging tao, at ang Espiritu sa ating espiritu ay ang ganap na pagkatanto sa Tres-unong Diyos; ang natisod na laman ay ang pinakamalakas at pinakamasamang kaaway ng Diyos (Roma 7:5—8:13) at lubus-lubusang kinamumuhian ng Diyos (Gen. 6:3; 1 Cor. 2:14-16; 3:1, 3).
2. Lahat ng taglay natin mula sa ating kapanganakan—hindi lamang kasalanan, karumihan, at kabulukan bagkus gayundin ang natural na kabutihan, kabaitan, talento, kasigasigan, karunungan, at abilidad—ay hindi kaaya-aya sa Diyos.
3. Ang pagtanggi sa laman ay ang pinakamataas na kahayagan ng espiritwal na buhay; lahat ng hindi natutong tumanggi sa laman ay hindi pa nakapagsimula sa espiritwal na landas, at hindi nila tunay na nalalaman ang espiritwal na buhay.

C. Ang kapanahunan ay nabago sa pagdaan sa Betel, na siyang lugar ng pagsuko sa sanlibutan at pagbaling sa Diyos nang lubusan, kinukuha ang Diyos bilang lahat-lahat; ang Betel ay tumutukoy sa tagumpay laban sa sanlibutan—Gen. 12:8; 1 Juan 2:15:

1. Ayon sa Genesis 12:8, ang Betel ay ang lugar kung saan si Abraham ay nagtayo ng isang altar, ang lugar ng pakikipagsalamuha at pakikipag-usap sa Diyos; ito ang lugar kung saan iniaalay natin ang ating sarili sa Diyos at ganap na naisuko sa Kanya upang daigin ang sanlibutan—13:3-4.
2. Ang tagumpay laban sa sanlibutan ay isang kondisyon upang maraptyur at tumanggap ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; kung ang isang mananampalataya ay tunay na nagnanais mapunuan ng Espiritu Santo at maraptyur, dapat siyang magbayad ng halaga upang itakwil ang sanlibutan at matutong makipagsalamuha sa Diyos sa altar ng ganap na pag-aalay ng sarili.

D. Ang kapanahunan ay nabago sa pagdaan sa Jerico; ito ang unang lunsod na kinailangang talunin ni Josue at ng bayan ng Israel nang pumasok sila sa mabuting lupain, at ito ay sumasagisag sa kaaway ng Diyos, si Satanas—Jos. 6; Apoc. 12:11:

1. Isinasaad ng Josue 6 ang pananagumpay sa Jerico, na nangangahulugang "sinumpa"; ang mga Cananeo ay sumasagisag sa mga espiritwal na puwersa ng kasamaan sa mga kalangitan na binanggit sa Efeso 6:12.
2. Si Satanas ang pinuno ng sanlibutang ito (Juan 14:30), at ang masasamang espiritu ay ang mga pinuno ng sanlibutan ng kadilimang ito, na tumutukoy sa sanlibutan ngayon; ang masasamang espiritu ay ang mga rebeldeng anghel, na sumunod kay Satanas sa kanyang pagrerebelde laban sa Diyos at ngayon ay namumuno sa mga kalangitan sa mga bansa ng sanlibutan—gaya ng prinsipe ng Persia at ng prinsipe ng Gresya (Dan. 10:20).
3. Kailangan nating maging mga "[nagbibihis] ng buong kutamaya ng Diyos" (Efe. 6:11, 13); ang buong kutamaya ng Diyos ay para sa buong Katawan ni Kristo, hindi para sa sinumang indibidwal na sangkap ng Katawan; dapat tayong makipaglaban ng espiritwal na pakikipagdigma sa loob ng Katawan, hindi bilang mga indibidwal.
4. Ang paraan upang daigin ang sanlibutan ay ang ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang manampalataya sa salita ng Diyos, kumilos ayon sa Kanyang salita, at manampalataya na matatanggap natin ang mga resulta ng pagsasagawa ng Kanyang salita (2 Cor. 4:13; Juan 17:17; 6:63; Efe. 6:17-18); ang Jerico ay bumagsak sa pamamagitan ng pagtitiwala ng mga Israelita sa salita ng Diyos at pagtayo nang matatag sa kanilang posisyon; nang ang Panginoon ay tinukso ng diyablo nang makatlong ulit, tumugon ang Panginoon nang tatlong beses sa pagsasabing, "Nasusulat …" (Mat. 4:4, 7, 10).
5. Upang madaig ang pagsalakay ng masasamang espiritu, dapat nating ipagwalang-bahala ang bawat sitwasyon at damdamin at ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang manampalataya sa salita ng pangako ng Diyos; dapat din tayong tumayo sa posisyon na ibinigay ni Kristo sa atin, na nasa mga kalangitan, at dapat ibagsak si Satanas at ang kanyang masasamang espiritu sa kanilang mas mababang posisyon—2 Cor. 4:13; Efe. 2:6; Col. 3:1-2.
6. Ang pagdadala ng Kaban ng mga saserdote sa Jerico ay sumasagisag na sa espiritwal na pakikipagdigma ang unang bagay na dapat nating gawin ay ang itaas si Kristo, binibigyan Siya ng unang puwesto, ng pagkauna, sa lahat ng bagay; ang pag-ihip ng mga tambuli at ang pagsigaw (sa ikapitong beses na makapalibot sa lunsod) ay sumasagisag sa pagpapatotoo at pagpoproklama ng Diyos kalakip si Kristo (ang Kaban) sa pamamagitan ng pananampalataya sa salita ng tagubilin ng Diyos—Jos. 6:1-20.

E. Ang kapanahunan ay nabago sa pagdaan sa ilog Jordan; ang ilog na ito, kung saan nagsimula ang bautismo sa Bagong Tipan, ay sumasagisag sa kamatayan; ang pagtawid sa ilog Jordan ay ang pagdaig sa kamatayan upang mamuhay at maghain sa pagkabuhay na muli—Mat. 3:5-6; Roma 6:3-4; Gal. 2:20:

1. Ang bautismo ng Panginoon ay sumasagisag sa kamatayan, at ang Kanyang pag-ahon sa tubig ay sumasagisag sa pagkabuhay na muli; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli, dinaig ng Panginoon ang kamatayan; sa pamamagitan ng pagiging nabautismuhan, nagawa Niyang mamuhay at maghain sa pagkabuhay na muli bago pa man ang Kanyang aktuwal na kamatayan at pagkabuhay na muli tatlo at kalahating taon kinalaunan—Mat. 3:13-17.
2. Natamo natin si Kristo bilang pagkabuhay na muling buhay na ito sa panahon ng ating pagkasilang na muli; ang taong Diyos, si Hesus, ay ipinako sa krus ay pinatay ng kamay ng mga tiwaling tao, subalit ibinangon Siya ng Diyos, "pinalaya sa mga hirap ng kamatayan, yamang hindi Siya maaaring mapigilan nito"—Gawa 2:23-24; Juan 11:25; 1 Ped. 1:3.
3. Ang lumakad sa kabaguhan ng buhay ay ang mamuhay sa realidad ng bautismo (Roma 6:4); ang maglingkod sa kabaguhan ng espiritu ay ang maglingkod sa realidad ng ating bautismo (7:6).

4. Kailangan nating maghabol na makilala ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay, na pinagpapasyahan nating kunin ang krus sa pamamagitan ng pagtatatwa ng ating sarili at nabibigyang-kakayahan na maiwangis sa Kanyang kamatayan sa pagiging kaisa ng Kanyang krus—Fil. 3:10-12; Mat. 16:24; A. A. 2:8-10, 14.
5. Habang naghahanda upang maraptyur, dapat nating matutuhan kung paano tawirin ang Jordan at daigin ang kamatayan; dapat nating matutuhan kung paano salungatin ang kapangyarihan ng kamatayan na umiiral sa loob natin at sa ating kapaligiran, at dapat nating itanghal at ipakita na tayo ay nakaugpong sa nabuhay na muling Panginoon, nakikilala at inihahayag Siya bilang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli sa lahat ng bagay—1 Cor. 6:17; 2 Cor. 1:8-9; 5:4; 3:17; cf. 4:5, 10-12.
6. Ang buhay ng krus ay ipinamumuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli at nahihikayat ng kayamanan ng pagkabuhay na muli (Fil. 3:10); ang pangwakas na salita ng Awit ng mga Awit ay ang mapagmahal na naghahanap kay Kristo na nananalangin para sa kanyang Sinisinta na magmadali upang bumalik sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli (usa at batang usa) upang itatag ang Kanyang matamis at magandang kaharian (mga bundok ng espesya), na pupuno sa buong lupa (8:13-14; Apoc. 11:15; Dan. 2:35).

F. Kung nais nating tanggapin ang raptyur ni Elias at ang dobleng bahagi ng espiritu kasama ang kapangyarihan ng Espiritu Santo (2 Hari 2:9-15), dapat tayong dumaan sa Gilgal, Betel, Jerico, at sa ilog Jordan; upang ang kapanahuhnan ay mabago mula sa Lumang Tipan tungo sa Bagong Tipan sa ating karanasan, dapat nating tuusin ang ating laman (Gal. 5:24; Fil. 3:3), isuko ang sanlibutan at bumaling sa Diyos (Sant. 4:4; 1 Juan 2:15-17), talunin si Satanas (Efe. 6:10-20; Apoc. 12:11), at dumaan sa kamatayan tungo sa isang pamumuhay na nasa pagkabuhay na muli (Roma 6:3-4; Gal. 2:20).

**IV. Ang kasalukuyang kapanahunan ay ang kapanahunan ng mga mandaraig, at ang ministeryo ng kasalukuyang kapanahunang ito sa pamamagitan ng mga tagapaghain ng kasalukuyang kapanahunan ay ang pagpapahayag ng pagtawag ng Panginoon para sa mga mandaraig (yaong mga nakikita ang pangitain ng walang hanggan, ipinamumuhay ang buhay ng walang hanggan, at ginagawa ang gawain ng walang hanggan—ito ang makita ang sukdulang gol ng Diyos at ipamuhay at isagawa ang Bagong Herusalem); ang mga mandaraig na ito ay para sa pagtatayo ng realidad ng Katawan ni Kristo, ang paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo, at ang pagpapakita ng kaharian ni Kristo; upang matugunan ang sukdulang pangangailangan ng Diyos nitong mga huling araw, dapat tayong magkaroon ng isang pagpapasya na maging mga mandaraig, ang mga napalakas—Huk. 5:15-16, 31; Apoc. 2:7, 11, 17, 26-29; 3:5-6, 12-13, 21-22.**

*© 2022 Living Stream Ministry*